# Paraan ng pagsumite ng inyong Offer to Purchase para sa Negotiated Sale :

1. Sagutan ang ***Registration form*** at ang ***Offer to Purchase (OTP) forms*** (malinaw ang pagkakasulat upang maayos na *ma-encode* ang inyong registration sa aming system). **Ang lahat ng dokumento ay dapat orihinal na lagdaan ng *OFFEROR O AUTHORIZED REPRESENTATIVE*.** Ang mga nasabing *forms* ay inyong makikita sa aming website sa *https://www.pagibigfund.gov.ph/acquiredassets.html (Properties Under Negotiated Sale - NCR Branch)* at *e-click ang* ***"click here to open complete details"*****.** I-print ang mga nasabing *forms* at basahin ang mga panuntunan sa pagbili ng mga *acquired asset*s.

   **Paalala:** Dahil sa kasalukuyang pandemya na dulot ng Covid-19, wala pong ipinamimigay na *forms* sa aming opisina. Ang lahat ng forms ay maaaring ma *download* sa aming website."

2. Ilagay sa unang puting sobre na may *label* na **REGISTRATION** ang nasagutan na ***Registration Form/Stub.***

3. Ilagay sa isa pang hiwalay na selyadong puting sobre na may *label* na ***OFFER TO PURCHASE*** ang mga sumusunod:

   - 2 *Offer to Purchase forms (**Individual OTP*** para sa mga *individual* na *offeror* o ***Juridical OTP*** para sa company offeror*)*
   - Kopya ng *valid ID/s* ng *Offeror*
   - *Proof of income* ng *offeror (*para sa *Long Term Installment application)*
   - Kopya ng *Special Power of Attorney* at *valid IDs ng kanyang representative* (kung kailangan) - HQP-AAF-121 (V01, 05/2018)
   - *Secretary's Certificate* para sa mga *company offeror .*

4. Ang mga ***offeror*** ay maaring mag sumite ng kanyang ***offe*r** ng 1 beses lamang sa bawat isang *property.* Ano man ang **kakulangan, mga pagbura o pagkaka iba-iba ng mga impormasyon sa inyong *Offer to purchase forms* at sa mga nabanggit na dokumento ay maaring magdulot ng pagka diskwalipika ng inyong *offer/s***. Kaya't siguraduhing ito ay maayos at kumpleto na nakapaloob sa isang selyadong puting sobre o *mail envelope*.

5. **Huwag mag lagay ng pera sa loob ng sobre**.

6. Ipadala ang inyong ***Registration form*** at ***Offer to Purchase*** na naka paloob sa magkahiwalay na selyadong puting sobre sa pamamagitan ng ***Courier services*** tulad ng Grab Express, Lalamove, Mr. Speedy, Toktok, etc., o ihulog ng personal sa mga sumusunod ng ***Pag-IBIG Offices*** **:**

| Branch | Address | Date | Oras ng Pagtanggap ng Offers |
|---|---|---|---|
| Pag-IBIG NCR | Ground Floor JELP Business Solutions Center, 409 Shaw Boulevard, Brgy. Addition Hills, Mandaluyong City | April 1-5, 2024 | 8:30am – 4:45pm |
| Dasmarinas, Cavite | Volets Commercial Building, E. Aguinaldo Hi-way, Dasmariñas, Cavite | April 1-5, 2024 | 8:30am – 4:45pm |
| San Pedro, Laguna | 3/F Robinsons Galleria South, Km. 31, National Highway, Brgy. Nueva San Pedro, Laguna | April 1-5, 2024 | 8:30am – 4:45pm |
| Pag-IBIG Fund Ayala Malls Manila Bay | Level 4 Ayala Malls Manila Bay Diosdado Macapagal Blvd. cor. Aseana Avenue, Paranaque City (Beside Paranaque City Express Lingkod Offices-Serbisyo Center) | April 1-5, 2024 | 9:00am – 5:45pm |

7. Ang offeror ang siyang babalikat para sa ***service fee*** ng inyong napiling courier services. Kailangan matanggap ng aming Marketing Officer ang inyong offer to purchase sa takdang oras at araw na nakasaad sa itaas at hindi na maaaring tanggapin ang inyong offer kung ito ay mahuli.

Maraming Salamat po!